PONDO PARA SA MGA NAIBUKOD NA MANGGAGAWA

Na-update noong Setyembre 2021

Ang Pondo para sa Mga Naibukod na Manggagawa (Excluded Workers Fund o EWF) ay nagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga taga-New York na nawalan ng kita sa panahon ng pandemya ng COVID-19, at hindi naisama sa mga programang tulong ng pederal na pamahalaan, kabilang ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho at pandemya.

Maaaring mag-sign up ang mga taga-New York para sa mga update kaugnay ng EWF sa: **on.ny.gov/ewfsubscribe**.

PAANO AKO MAG-A-APPLY?

Nagsimula ang proseso ng aplikasyon para sa mga manggagawang gustong makatanggap ng pondo mula sa EWF noong Agosto 2021. Upang mag-apply, bisitahin ang **ewf.labor.ny.gov**.

Maaari kang gumamit ng mobile device o computer upang isumite ang iyong aplikasyon, na makukuha sa 13 iba't ibang wika. Lubos na hinihikayat ang mga aplikanteng mag-apply online. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon sa pamamagitan ng koreo.

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-a-apply, nakikipagtulungan ang Estado ng New York sa mga pinagkakatiwalaang organisasyong nakabatay sa komunidad upang mabigyan ka ng tulong na kailangan mo. Bisitahin ang **dol.ny.gov/CBOlist** para sa buong listahan ng mga pinagkakatiwalaang organisasyon o tumawag sa **877-EWF-4NYS (877-393-4697)** kapag naging live na ang programa upang makipag-usap sa isang ahente at makapaghanap ng lokasyong malapit sa iyo.

800-662-1220 TTY/TTD – Ingles
877-662-4886 TTY/TTD – Español

KARAPAT-DAPAT BA AKO?

Upang maging karapat-dapat na tumanggap ng mga benepisyo mula sa programang EWF, dapat ipakita ng mga aplikante na sila ay:

1. Tumira sa Estado ng New York bago ang Marso 27, 2020, at patuloy na tumitira sa Estado ng New York;
2. Hindi karapat-dapat para sa, at hindi nakatanggap ng insurance para sa kawalan ng trabaho, o anupamang tulong sa kita kaugnay ng COVID-19, o iba pang tinukoy na benepisyo mula sa pamahalaan ng estado o pederal na pamahalaan;
3. Kumita ng mas mababa sa $26,208 sa nakalipas na 12 buwan bago ang Abril 2021; **at**
4. Nawalan ng hindi bababa sa 50% lingguhang kitang nauugnay sa trabaho o kita ng sambahayan anumang oras sa pagitan ng Pebrero 23, 2020 at Abril 1, 2021 dahil sa ganap o bahagyang kawalan ng trabaho, o kawalan ng kakayahan o hindi makapagtrabaho dahil sa pandemya ng COVID-19 o, naging responsable para sa malaking bahagi ng kita ng kanilang sambahayan dahil sa pagkamatay o kapansanan ng ulo ng sambahayan.

Mga Paalala:

- Ang pagtanggap ng stimulus fund galing sa pederal na pamahalaan – mga pantulong na bayad na ipinapadala ng pamahalaan sa mga halagang $600, $1,200, o $1,400 – ay HINDI nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat sa Pondo para sa Mga Naibukod na Manggagawa.
- Kung hindi alam ang petsa ng pagkawala ng kita, maaaring tantyahin ng mga aplikante ang unang petsa kung kailan sila nakaranas ng pagkawala ng kita kaugnay ng pandemya. Maaaring piliin ng mga aplikanteng may unang petsa ng pagkawala ng kita na tinatayang naganap sa pagitan ng Pebrero 23, 2020 at Marso 27, 2020, na ilagay ang Marso 27, 2020 para sa mga layunin ng aplikasyon.

ANO ANG KAILANGAN KO PARA MAKAPAG-APPLY?

Dapat nang simulang kolektahin ng mga aplikante ang mga sumusunod na dokumento, na magagamit upang patunayan ang kanilang pagkakakilanlan, paninirahan, at pagiging karapat-dapat kaugnay ng trabaho.

Pakitandaan: Maaaring magsumite ng mga parehong dokumento ang mga aplikante upang patunayan ang kanilang pagkakakilanlan at paninirahan. Kailangang kasama sa hindi bababa sa isa sa mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan at/o paninirahan ang larawan ng aplikante, at dapat kasama sa isang dokumento ang petsa ng kapanganakan ng aplikante. Ang lahat ng dokumentong isusumite ay dapat:

- Sertipikado ng ahensyang nag-isyu
- Hindi pa nag-e-expire (maliban kung iba ang sinabi sa ibaba)
- Nasa Ingles, o may kasamang sertipikadong pagsasalin sa wikang Ingles
- Hindi punit o sira

PAANO KO MAPAPATUNAYAN ANG AKING PAGKAKAKILANLAN?

Dapat magbigay ang mga aplikante ng isa o higit pa sa mga sumusunod na dokumento. May nakatalagang halaga ng puntos sa bawat dokumento, at dapat magkaroon ng 4 na puntos o higit pa ang bawat aplikante. Kailangang matugunan ang lahat ng kinakailangan sa itaas para sa pag-apruba.

- Lisensya sa Pagmamaneho sa NYS (4 na puntos)
- ID Card na Hindi Pang-driver sa NYS (4 na puntos)
- Pasaporte sa U.S. (4 na puntos)
- IDNYC Card (4 na puntos) - (May bisa hanggang sa katapusan ng 2021 ang mga card na nag-expire noong 2020 May bisa ang mga card na mag-e-expire sa 2021 sa isang taong panahon ng pag-renew kasunod ng petsa ng pag-expire.)
- Pasaporte sa U.S. na Inisyu sa Ibang Bansa (3 puntos)
- Learner Permit sa NYS na ibinigay ng NYS DMV (3 puntos)
- ID Card sa Hukbong Sandatahan ng U.S. (3 puntos)
- Photo ID card na inisyu ng lokal na pamahalaan sa NYS, ahensya ng pamahalaan ng NYS, o ng pederal na pamahalaan (3 puntos)
- Photo ID Card mula sa isang Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon sa NYS (3 puntos)
- Photo ID para sa In-Patient sa NYS na Inisyu ng Tanggapan ng Kalusugan ng Pag-iisip (2 puntos)
- Nag-expire na Pasaporte sa U.S. o Pasaporte na Inisyu sa Ibang Bansa (nag-expire nang hindi hihigit sa dalawang taon) (2 puntos)
- Nag-expire na Lisensya sa Pagmamaneho na Inisyu sa Ibang Bansa (nag-expire nang hindi hihigit sa dalawang taon) (2 puntos)
- Mga dokumentong na-isyu ng Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng U.S. (U.S. Citizenship and Immigration Services o USCIS): Tala ng Pagdating/Pag-alis (I-94) o Abiso ng Pagkilos (I-797; I-797A; I-797D) (2 puntos)
- Liham ng Pagtatalaga sa U.S. Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) (2 puntos)
- Katibayan ng Kasal (1 puntos)
- Paghatol sa Diborsyo (1 puntos)
- Membership Card sa NYC Parks and Recreation (1 puntos)
- Sertipiko ng Kapanganakan na Inisyu sa Ibang Bansa (1 puntos)
- Photo ID Card na Inisyu sa Ibang Bansa (1 puntos)
- Diploma o Transcript mula sa isang mataas na paaralan, kolehiyo, o unibersidad sa U.S. (1 puntos)
- ID card na Walang Larawan na inisyu ng lokal na pamahalaan sa NYS, ahensya ng pamahalaan ng NYS, o ng pederal na pamahalaan (1 puntos)
- Photo ID Card galing sa Employer (1 puntos)
- Photo ID card na inisyu ng isang organisasyong pangkawanggawa na nakarehistro sa Charities Bureau ng Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng New York na nauugnay sa pagiging karapat-dapat sa mga serbisyo o sa paglahok sa mga programa, na regular na inisyu at kung saan inihayag ang pagiging karapat-dapat bago ang Abril 19, 2021 (1 puntos)
- Nakasulat na Alok ng Trabaho, Mga Pay Stub, o Abiso ng Sahod mula sa isang employer (1 puntos)

PAANO KO MAPAPATUNAYAN ANG AKING PANINIRAHAN?

Dapat magbigay ang mga aplikante ng isa o higit pa sa mga sumusunod na dokumento, kung saan ipinapakita ng bawat isa ang kanilang pangalan at address sa loob ng Estado ng New York. Dapat maghayag ang (mga) dokumento ng patunay ng paninirahan bago ang Marso 27, 2020 pati na rin ng kasalukuyang paninirahan. Maaaring kailanganing magsumite ng mga aplikante ng maraming dokumento upang matugunan ang pangangailangang ito. Maliban sa unang limang dokumentong nakalista sa ibaba, dapat may petsang hindi mas maaga sa 30 araw bago ang Abril 19, 2021 ang mga dokumentong naghahayag ng patunay ng kasalukuyang paninirahan. Kailangang matugunan ang lahat ng kinakailangan sa itaas.

- Lisensya sa Pagmamaneho sa NYS (Maaaring inisyu nang mahigit 30 araw bago ang Abril 19, 2021 upang ihayag ang kasalukuyang paninirahan)
- ID Card na Hindi Pang-driver sa NYS (Maaaring inisyu nang mahigit 30 araw bago ang Abril 19, 2021 upang ihayag ang kasalukuyang paninirahan)
- ID Card na Hindi Pang-driver sa NYS (Maaaring inisyu nang mahigit 30 araw bago ang Abril 19, 2021 upang ihayag ang kasalukuyang paninirahan) May bisa hanggang sa katapusan ng 2021 ang mga card na nag-expire noong 2020. May bisa ang mga card na mag-e-expire sa 2021 sa isang taong panahon ng pag-renew kasunod ng petsa ng pag-expire.)
- Learner Permit sa NYS na inisyu ng NYS DMV (Maaaring inisyu nang mahigit 30 araw bago ang Abril 19, 2021 upang ihayag ang kasalukuyang paninirahan)
- Pang-estado o pederal na paghahain ng buwis o tax return, na may patunay ng paghahain, kabilang ang mga pagtanggap ng e-filing mula sa DTF o IRS (Maaaring inisyu nang mahigit 30 araw bago ang Abril 19, 2021 upang ihayag ang kasalukuyang paninirahan)
- Bayarin sa Utility (hal. kuryente, gas, internet, cable, tubig, basura/pag-recycle)
- Bank o Credit Card Statement
- Liham mula sa NYC Housing Authority na naka-address sa aplikante
- Liham na naka-address sa aplikante mula sa isang homeless shelter na nagsasaad na kasalukuyang nakatira ang aplikante sa homeless shelter
- Kasalukuyang Kasunduan sa Renta, Bayad sa Mortgage, o Statement ng Buwis sa Ari-arian
- Liham na naka-address sa aplikante mula sa isang hindi pangkalakal na organisasyon o panrelihiyong institusyon na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga indibidwal na walang tahanan
- Pay Stub
- Alok ng trabaho o abiso ng sahod na nagpapakitang nagbigay ang employer ng pabahay sa NYS, kabilang ang pana-panahong pabahay

- Statement, bill, o tala mula sa isang institusyon ng kalusugan o kumpanya ng insurance
- Jury Summons, Utos ng Hukuman, o iba pang dokumento mula sa isang hukuman sa NYS
- Liham mula sa programa o organisasyon ng pangangalaga sa tirahan para sa karahasan sa tahanan (domestic violence o DV) na nagbibigay ng serbisyo sa mga survivor ng DV
- Liham mula sa isang organisasyong pangkawanggawa na nakarehistro sa Attorney General ng NYS na nagbigay ng mga serbisyong regular na inisyu sa aplikante, at kung saan inihayag ang pagiging karapat-dapat bago ang Abril 19, 2021, na nagpapatibay ng paninirahan ng aplikante sa NYS
- Dokumentong naka-address sa aplikante galing sa lokal na pamahalaan sa NYS, ahensya ng pamahalaan ng NYS, o ng pederal na pamahalaan

PAANO KO MAPAPATUNAYAN ANG PAGIGING KARAPAT-DAPAT KO SA TRABAHO?

Maaaring maging kwalipikado ang mga aplikante para sa mga benepisyo sa EWF sa isa sa dalawang halaga, depende sa impormasyon at mga dokumentong nakalista sa ibaba. May halaga ng puntos ang bawat dokumento.

Upang maging kwalipikado para sa Tier 1 na nagkakahalagang $15,600 (bawas ang mga buwis), kailangang magkaroon ang mga aplikante ng minimum na 5 puntos.

Upang maging kwalipikado para sa Tier 2 na nagkakahalagang $3,200 (bawas ang mga buwis), kailangang magkaroon ang mga aplikante ng minimum na 3 puntos.

Ang mga aplikanteng hindi magbibigay ng isa sa mga dokumentong may 5 puntos sa ibaba ay dapat magsumite ng kahit isa man lang sa mga dokumentong may 3 puntos upang maituring na karapat-dapat para sa Tier 1. Halimbawa, hindi maaaring pagsamahin ang limang dokumentong may 1 puntos para sa Tier 1.

TANDAAN: Kwalipikado lang ang bawat aplikante para sa isang pagbabayad ng benepisyo.

- Patunay ng paghahain ng buwis sa **Estado ng New York,** kung saan dapat kabilang ang (A) patunay ng paghahain ng tax return sa Estado ng New York para sa mga taon ng pagbubuwis na 2018, 2019, o 2020 sa Kagawaran ng Pagbubuwis at Pananalapi sa pamamagitan ng pagsusumite ng elektronikong kumpirmasyon ng e-filing, "liham ng pagtatalaga ng TF" na inisyu ng Kagawaran ng Pagbubuwis at Pananalapi, o bank statement na nagpapakita ng mga pagbabayad sa o mula sa Kagawaran ng Pagbubuwis at Pananalapi; **AT** (B) patunay ng may bisang United States individual taxpayer identification number (ITIN) **O** W-7 na aplikasyon para sa ITIN na may patunay ng pagsusumite o paghahain (5 puntos) *Tandaan: Ang mga aplikanteng naghain ng return sa mga taon ng pagbubuwis na 2018, 2019, o 2020 ngunit walang ITIN ay maaaring gamitin ang kanilang numero ng social security upang patunayan ang impormasyong ito*
- Minimum na 6 na linggong pay stub sa loob ng 6 na buwan bago ang petsa kung kailan pinatunayan ng aplikante na naging kwalipikado siya para sa mga benepisyo (5 puntos)
- Minimum na 6 na linggong statement ng sahod mula sa loob ng 6 na buwan bago ang petsa kung kailan pinatunayan ng aplikante na naging kwalipikado siya para sa mga benepisyo (5 puntos)
- IRS W-2 o 1099 mula sa taon ng pagbubuwis na 2019 o 2020 na nagpapakita ng mga sahod o kita (5 puntos)
- Abiso ng Sahod mula sa employer na nagdodokumento ng pagkakaroon ng trabaho sa loob ng 6 na buwan bago ang petsa kung kailan pinatunayan ng aplikante na naging kwalipikado siya para sa mga benepisyo (5 puntos)
- Liham mula sa employer na nagpapakita ng mga petsa ng trabaho ng aplikante at ang dahilan ng pagkawala ng kita (ibig sabihin, nauugnay sa pandemya) na kinabibilangan ng: (A) address sa pag-mail ng employer at address ng site sa loob ng NYS kung saan nagtrabaho ang aplikante **O** (B) ang numero ng account ng employer sa Insurance para sa Kawalan ng Trabaho sa NYS **O** Federal Employment Identification Number (FEIN) **O** impormasyon sa pakikipag-ugnayan (kabilang ang numero ng telepono) ng kinatawan ng employer na makakapagpatunay ng mga nilalaman ng liham (5 puntos)
- Reklamong inihain sa at tinanggap ng lokal, pang-estado, o pederal na ahensya o hukuman tungkol sa mga sahod na hindi pa nababayaran para sa trabahong isinagawa sa NYS nang mas matagal sa 6 na linggo sa loob ng 6 na buwan bago ang petsa kung kailan pinatunayan ng aplikante na naging kwalipikado siya para sa mga benepisyo (3 puntos)
- Tala ng mga regular na direktang deposito, deposito, o transfer mula sa isang employer (3 puntos)
- ID Card na Inisyu ng Employer (1 puntos)
- Nakasulat na pakikipag-ugnayang nauugnay sa mga order sheet sa paghahatid, invoice sa trabaho, resibo sa pagbebenta, o mga tagubilin mula sa mga employer (1 point)
- Nakasulat na pakikipag-ugnayan, kabilang ang mga text o mensahe o post sa social media, sa pagitan ng aplikante at employer o partidong naghahanap ng mga bagong empleyado na nagpapakita ng ugnayan sa trabaho (1 puntos)
- Tala ng regular na pagpapalit sa cash ng mga sahod o pag-transfer ng pondo mula sa kita (1 puntos)
- Mga dokumentong inisyu ng employer sa aplikante na nagpapakita ng address sa pag-mail, Numero ng Account sa Insurance para sa Kawalan ng Trabaho sa NYS, o Federal Employment Identification Number (FEIN) ng employer, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng kinatawan ng employer (kabilang ang numero ng telepono) (1 puntos)
- Mga resibo o talang nagpapakita ng magkakasunod na pattern ng pag-commute sa at mula sa lokasyon ng trabaho, gaya ng mga tala sa toll, resibo sa parking, o tala sa pampublikong transportasyon (1 puntos)
- Liham mula sa isang organisasyong pangkawanggawa na nakarehistro sa Attorney General ng NYS na nagkukumpirma ng kasaysayan ng trabaho ng aplikante, batay sa direktang kaalaman na nagtrabaho ang aplikante sa loob ng kinakailangang tagal, na nakuha sa panahon ng pagsasagawa ng intake, mga pakikipanayam, o iba pang karaniwang prosesong nauugnay sa mga direktang serbisyo sa aplikante na nauugnay sa trabaho bago ang Abril 19, 2021 (1 puntos)

TANDAAN: Dapat mapatunayan ng mga aplikante na nagtrabaho sila at nakatanggap sila ng kita nang hindi bababa sa 15 oras kada linggo sa loob ng mahigit 6 na linggo sa 6 na buwan bago ang petsa kung kailan pinatunayan niyang naging kwalipikado siya para sa mga benepisyo. Dapat ay hindi rin bababa sa 18 taong gulang ang mga aplikante sa oras ng aplikasyon.

Para sa mga aplikanteng nag-a-apply dahil sa pagkamatay o kapansanan ng ulo ng sambahayan, dapat ipakita ng impormasyon at mga dokumentong ibibigay para sa pagpapatunay ng pagiging karapat-dapat sa trabaho ang kasaysayan ng trabaho ng dating ulo ng sambahayan. Gayunpaman, dapat sa aplikante pa rin ang mga dokumento ng pagkakakilanlan at paninirahan. Dagdag pa rito, dapat magbigay ang mga aplikante ng:

- Sertipiko ng pagkamatay ng dating ulo ng sambahayan, kabilang ang petsa ng pagkamatay; o
- Patunay ng kapansanan ng dating ulo ng sambahayan, kabilang ang petsa at katangian ng kapansanan. Para sa buong listahan ng mga katanggap-tanggap na dokumento, tingnan ang bahagi 704.2, seksyon (e) ng mga regulasyon, na matatagpuan sa **dol.ny.gov/ewfregs**.

Tinutukoy ang "Ulo ng sambahayan" bilang miyembro ng iyong sambahayan na nag-ambag ng hindi bababa sa 50% ng pinansyal na suporta sa iyong sambahayan at hindi bababa sa 18 taong gulang sa oras ng pagkamatay o pagkakaroon ng kapansanan.

PROTEKTADO BA ANG AKING MGA MATERYAL SA APLIKASYON?

Ang mga dokumentong isusumite sa DOL bilang bahagi ng aplikasyon sa EWF, kabilang ang mga dokumentong mula sa mga employer, ay hindi mga pampublikong tala, at gagamitin lang para sa layunin ng mga benepisyo at pangangasiwa ng EWF. Ang paghahayag ng mga naturang dokumento sa anupamang ahensya ng pamahalaan, kabilang ang U.S. Immigration Customs Enforcement (ICE), ay mahigpit na ipinagbabawal ng batas para sa anumang layunin maliban sa pagpoproseso ng aplikasyon, maliban kung hayagang pinahintulutan ng indibidwal na aplikante, o legal na kinakailangang gawin alinsunod sa utos ng hukuman o pahintulot ng hukuman.

ANO ANG MAAASAHAN KO PAGKATAPOS KONG ISUMITE ANG AKING APLIKASYON?

Sisimulan nang iproseso ng DOL ang iyong aplikasyon. Kung kailangan ng karagdagang impormasyon o mga pagwawasto, papadalhan ka ng DOL ng mensahe sa text o email (batay sa gusto mong paraan ng pakikipag-ugnayan) na may link na magpapayo sa iyong mag-sign in sa iyong account para sa mga detalye. Kapag nakapag-sign in ka na, sundin ang mga tagubilin upang makita kung aling mga dokumento ang kailangang iwasto o isumite ulit at kung bakit. Bibigyan ka ng 7 araw sa kalendaryo upang tumugon mula sa petsa at oras ng abiso sa email o text. Kung walang matatanggap na tugon sa loob ng ibinigay na timeframe, gagawa ng pagpapasya batay sa available na impormasyon.

Dapat tandaan ng mga aplikante na ipagpatuloy ang kanilang aplikasyon, o tumugon sa mga kahilingan, sa pamamagitan ng paggamit ng mga kredensyal na ginamit nila noong una nilang ginawa ang kanilang aplikasyon. Dapat kumpirmahin ng mga aplikante na mayroon lang silang isang numero ng Claim ID. Inirerekomendang isulat nila ang kanilang mga kredensyal at Claim ID at itabi ang mga ito para maging sanggunian sa hinaharap. Kapag may mga dobleng aplikasyon, maaaring mapatagal ng mga ito ang panahon ng pagpoproseso at maaaring awtomatikong matanggihan ang mga ito.

Dapat ay masusing subaybayan ng mga aplikante ang kanilang mga account, mensahe sa text, at email para sa anumang update sa status o kahilingan para sa karagdagang impormasyon. Ipapadala ang mga mensahe sa text mula sa **(833) 586-1144** (walang bayad). Ipapadala ang mga abiso sa email mula sa **EWF@labor.ny.gov**. Maaari ding makatanggap ang mga aplikante ng tawag sa telepono mula sa kinatawan ng EWF kung kailangan ng karagdagang impormasyon. Sa mga ganitong kaso, tatawagan ka lang namin mula sa **(877) 393-4697**.

Kapag may pasya na, papadalhan ka ng DOL ng mensahe sa text o email na magpapaalam sa iyo kung naaprubahan o tinanggihan ang aplikasyon mo.

PAANO AT KAILAN IBIBIGAY ANG MGA BAYAD?

Makakatanggap ang mga naaprubahang aplikante ng pang-isang beses na pagbabayad sa isang Visa® prepaid card na ipapadala sa address na ibinigay sa kanilang aplikasyon. May access sa ATM ang card at magagamit ito saanman tinatanggap ang mga Visa debit card sa U.S.

Mula sa petsa ng aplikasyon, tinatantya ng mga tagapangasiwa ng pondo na aabutin nang humigit-kumulang anim hanggang walong linggo ang pagsusuri at pagpoproseso. Kung hindi kumpleto o nangangailangan ng mga karagdagang impormasyon o dokumento ang isang aplikasyon, maaaring mas tumagal ang pagpoproseso ng aplikasyon. Dahil bagong programa ang EWF at mahirap tantyahin ang dami ng aplikasyon, maaaring magbago ang mga timeframe.

Ang Visa prepaid card ay iniisyu ng MetaBank®, N.A., Member FDIC, alinsunod sa lisensya mula sa Visa U.S.A. Inc. Walang umuulit na pagbabayad. May bisa ang card nang hanggang 12 buwan, hindi nag-e-expire at magagamit pa rin ang pondo pagkatapos mag-expire ng card, at maaaring may mga bayarin. Nalalapat ang mga tuntunin at kundisyon ng card.

MAAARI KO BANG IAPELA ANG PAGPAPASYA SA AKIN?

May karapatang mag-apela ang mga aplikanteng tinanggihan o hindi sumasang-ayon sa pagpapasya sa kanila. Makakatanggap ka ng mensahe sa text o email kapag may pasya na. Upang mag-apela, mag-sign in kaagad sa iyong account at sundin ang mga tagubilin. May 7 araw ang mga aplikante upang piliin ang button na "Mag-apela" upang magsimula ng apela bago maging pinal ang pagpapasya. Kapag nag-apela ka, magkakaroon ng pinaigting na pagsusuri ng iyong aplikasyon. Makakatanggap ka ng abiso na hihiling sa iyong magbigay ng mga karagdagang impormasyon o dokumento sa loob ng 7 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng abiso. Kung walang matatanggap na tugon sa loob ng ibinigay na timeframe, gagawa ng pagpapasya batay sa available na impormasyon. Kapag nakumpleto na ang proseso ng pagsusuri, papadalhan ka namin ng mensahe sa text o email na magpapaalam sa iyo kung inaprubahan o tinanggihan ang iyong apela. Maaaring abutin nang

hanggang tatlong linggo ang pagpoproseso ng mga apela. Maaari itong abutin nang mas matagal kung kailangan ng karagdagang impormasyon.

GAANO KATAGAL ANG PROGRAMA?

Hinihikayat ang mga aplikanteng mag-apply sa lalong madaling panahon. Limitado ang pondo para sa programa at ipamamahagi ang mga ito sa first-come, first-served na batayan. Ipoproseso ang mga aplikasyon ayon sa pagkakasunud-sunod ng pagtanggap sa mga ito. Kapag nailaan na ang lahat ng pondo mula sa makasaysayang $2.1 bilyon na ito, ihihinto na ang pondo. Aabisuhan ang mga aplikante, grupo ng komunidad, at tagapagtaguyod at isasara na ang proseso ng aplikasyon.

MAG-INGAT SA PANLOLOKO

Dapat ka lang mag-apply para sa mga benepisyo ng EWF mula sa opisyal na website ng Kagawaran ng Paggawa at humingi lang ng tulong mula sa mga pinagkakatiwalaang organisasyon.

Bisitahin ang **dol.ny.gov/CBOlist** para sa listahan ng mga pinagkakatiwalaang organisasyon o tumawag sa **877-EWF-4NYS (877-393-4697**) kapag naging live na ang programa upang makipag-usap sa isang ahente at makapaghanap ng lokasyong malapit sa iyo.

800-662-1220 TTY/TTD – Ingles
877-662-4886 TTY/TTD – Español

Kung susubukan ng isang tao o organisasyon na singilin ka o kolektahin ang iyong personal na impormasyon upang tulungan kang mag-apply, **HUWAG** silang bigyan ng kahit ano. Maaari kang mag-ulat ng naturang aktibidad sa pamamagitan ng paghahain ng reklamo sa tanggapan ng Attorney General ng New York (**on.ny.gov/agfraud**) o sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng Attorney General sa **(800) 771-7755**. Para sa mga may problema sa pandinig: TDD **(800) 788-9898**.

Makakatanggap ka lang ng pakikipag-ugnayan mula sa Kagawaran ng Paggawa kung magsa-sign up ka para sa mga update kaugnay ng EWF o kung mag-a-apply ka para sa mga benepisyo ng EWF. Ipapaalam sa iyo ng isang email o mensahe sa text na ipinoproseso na ang aplikasyon mo.

Mag-ingat sa mga pakikipag-ugnayan na hindi galing sa Kagawaran ng Paggawa.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAGBIBIGAY AKO NG MALING IMPORMASYON SA AKING APLIKASYON?

Maaaring magkaroon ng matitinding kaparusahan ang sinasadyang paggawa ng maling pahayag o pagbibigay ng mga pekeng dokumento. Ang taong gagawa ng ganitong uri ng panloloko ay maaaring mahatulan ng Class E na krimen bukod pa sa pagsasauli ng lahat ng natanggap ng pera.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pondo para sa Mga Naibukod na Manggagawa, bisitahin ang **dol.ny.gov/EWF.**

Mahalagang Impormasyon tungkol sa mga Naisalin na Dokumento: Sa Ingles lang ibinibigay ang mga opisyal na dokumento rito; ang mga dokumentong isinalin sa anupamang wika ay ibinigay para sa kaginhawahan at alinsunod sa naaangkop na batas. Hindi magkakaroon ng anumang legal na epekto ang anumang salungatan, hindi pagkakatugma, pagkakamali, o kapansin-pansing salungatan sa Ingles na bersyon ng dokumento dahil sa pagsasalin ng wika.